Paggamot sa Rhinitis

1. Umiwas sa mga allergen at mga tagapukaw na maaring magpalubha ng iyong mga sintomas.
2. Inumin ang iyong gamot sa paraang itinagubilin ng iyong doktor.
3. Kung ang iyong gamot ay parang hindi nagkakabisa, kausapin ang iyong doktor.

Iksamen sa Pagpigil ng Rhinitis

- ☐ Ikaw ba ay may mga sintomas sa ilong sa buong taon?
- ☐ Umiinom ka ba ng higit sa isang gamot sa allergy sa ilong?
- ☐ Mayroon ka bang mga sintomas sa ilong – kahit na umiinom ka ng gamot?
- ☐ Ang iyo bang mga sintomas sa ilong ay bumabalik bago dumating ang oras ng susunod mong dosis ng gamot?
- ☐ Mayroon bang mga di-hangad na epekto mula sa iyong gamot sa allergy sa ilong tulad ng panunuyo ng bibig, pagod, o pagiging nerbiyoso?

Kung sumagot ka ng "OO" sa alinman sa mga katanungang ito, kausapin ang iyong doktor o parmasyutiko. Maaaring irekomendang baguhin ang kasalukuyan mong gamot.



Ano Naman ang mga Steroid?

Maraming uri ng mga steroid. Mahalagang alamin ang pagkakaiba ng mga ito.

Ang mga anabolic steroid ay may kilaláng benepisyong medikal. Pero ginagamit ang mga ito kung minsan nang hindi angkop ng mga atleta upang palakihin ang kalamnan at pahusayin ang pagganap. Ang mga anabolic steroid ay hindi itinatagubilin upang gamutin ang rhinitis.

Ang mga corticosteroid at mga anabolic steroid ay hindi magkapareho. Ang mga cortiscoteriod ay maraming taon nang ginagamit upang tulungan ang mga taong labanan ang impeksiyon at pamamaga.

Ang mga nilalanghap na corticosteroid para sa ilong (INS) ay mga corticosteroid na ginagamit bilang pangwisik sa ilong. Ang mga gamot na ito ay ginagamit upang kontrolin ang mga sintomas ng ilong sa mga bata at may sapat na gulang. Tumutulong ang mga ito na bawasan ang pamamaga sa ilong. Binabawasan din nito ang mga sintomas tulad ng tumutulong ilong, pagbahing, at pagbabara ng ilong.

Kausapin ang iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa alinman sa mga gamot na iniinom mo.

Ang impormasyong ito ay hindi inihanda para maging panghalili sa propesyonal na pangangalagang medikal. Laging sundin ang mga tagubilin ng iyong tagapangalaga ng kalusugan.
©2006 Ang GlaxoSmithKline Grupo ng mga Kompanya Lahat ng mga karapatan ay nakalaan. Ipinalimbag sa USA. MCM068R0_Tag Hunyo 2006
GlaxoSmithKline